

HEALTHCARE FRAUD



Ito ay maaaring mangyari kung ang isang indibidwal o grupo ng indibidwal ay gumawa ng panlilinlang sa health care program ng pamahalaan (tulad ng PhilHealth) o pribadong insurer o anumang katumbas na programa.

Halimbawa ng healthcare fraud ay ang sumusunod:

CLAIMS FOR "GHOST" PATIENTS

Ito ay ang pag-claim mula sa PhilHealth para sa pagpapagamot o operasyon ng mga pasyenteng hindi naman tunay na nagpagamot o na-admit sa isang health care facility.

UPCASING

Ito ay ang pagsaad ng masmataas na diagnosis sa sakit ng pasyente upang maka-claim ng masmataas mula sa PhilHealth.

PATIENT RECRUITMENT

Ito ang malawakang pag-akit ng mga miyembrong may napipintong pangangailangang pagpapagamot o operasyon, gamit ang alok na "libreng serbisyo". Kadalasa'y sinasabing ito ay isang 'marketing strategy' ng pagamutan.

ANG EPEKTO SA ATIN BILANG MIYEMBRO.

- Posibleng tumaas ang halaga ng babayaran sa pagpapagamot sa kabila ng benepisyong sagot ng PhilHealth, at
- Maapektuhan ang tiwala ng miyembro sa kakayahan ng PhilHealth na makapagbigay ng sapat na benepisyong pangkalusugan.

PUKSAIN ANG HEALTHCARE FRAUD.

Kahit sino ay maaaring magsampa ng reklamo laban sa mga kawani ng ospital, doktor o kapwa miyembro, kung may paglabag na nagawa.

Kung may impormasyong nais iparating tungkol sa anumang paglabag sa polisiya ng PhilHealth, lumapit lamang sa nakatalagang PhilHealth CARES sa inyong napiling pagamutan, o pumunta sa pinakamalapit na Legal Office ng PhilHealth.



HUWAG MAGING BIKTIMA.

Mag-ingat. Maging mapanuri.